# SINO ANG ALLAH?

**Inihanda Ni:**

Fouad H. Ajhory

**Isinalin Sa Wikang Tagalog Ni:**

**Mohammad B. Mendoza**

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
**Islamic Propagation Office in Rabwah**
P.O.Box 29465 RIYADH 11457 – TEL 4454900 – 4916065
FAX: 4970126 - E-Mail: rabwah@islamhouse.com
http://www.islamhouse.com

# من هو الله

باللغة الفلبينية (تجالوج)

ترجمة اللغة الفلبينية
محمد بي. ميندوزا

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
Islamic Propagation Office in Rabwah
P.O.Box 29465 RIYADH 11457 – TEL 4454900 – 4916065
FAX: 4970126 - E-Mail: rabwah@islamhouse.com
http://www.islamhouse.com

Unang Limbag 1427 H., 2006 CE

Ang lahat o anumang bahagi nitong aklat ay maaaring gamitin sa anumang pamamaraang paglalahad hangga't ang nilalaman nito'y hindi inililihis sa tamang kahulugan at diwa nito.

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa: **www.islamhouse.com**

1427 H
[4607]

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in Rabwah

Tel. 4454900 - 4916065

**www.islamhouse.com**

الطبعة الأولى، ١٤٢٧/٢٠٠٦

© يحق لمن شاء أخذ ما يريد من هذه المادة بشرط الأمانة في النقل وعدم التغيير في النص المنقول ولا حذف شيء منه. والله الموفق.

إذا كان لديك أي سؤال أو اقتراح أو تصحيح يرجى مراسلتنا على العنوان التالي:

**www.islamhouse.com**

١٤٢٧ هـ

[٤٦٠٧]

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٤٤٥٤٩٠٠ – ٤٩١٦٠٦٥ تحويلة

عنوان الموقع: www.islamhouse.com

***Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin***

Mga ginigiliw na kapatid, ang kapayapaan nawa'y sumakanilang lahat na iginabay ng Allah sa tuwid na landas at Kanyang hinango mula sa kadiliman tungo sa liwanag ng pananampalataya. Halina't kapwa natin tanggapin ang sinag ng banal na liwanag ng pananampalatayang binanggit ng Allah sa Banal na Qur'an:

***Ang Allah ay liwanag ng mga kalangitan at ng kalupaan. Ang kahalintulad ng Kanyang liwanag ay wari bang may isang (madilim na) hukay na sa loob nito'y may isang lamparang nasa (loob ng) isang salamin na tila nagniningning na bituin. Ang lamparang ito'y pinagniningas ng (langis ng) isang pinag-palang puno ng oliba na wala sa silangan at maging sa kanluran. Ang langis nito'y halos nagliliyab sa sarili nitong kusa kahit na walang dumaiting apoy dito. Patuloy na liwanag, iginagabay ng Allah sa Kanyang liwanag ang sinumang Kanyang nais. At naglalahad ng halimbawa ang Allah sa sangkatauhan sapagka't ang Allah ay lubos na nakaaalam sa lahat ng bagay.*** **(An-Nur-24:35)**

Samahan ninyo ako mga kapatid upang mapayapa nating simulan ang pagkilala sa Allah, ang Nana-natiling Dakila at Lagi nang Makapangyarihang Panginoon. Sa ating abang pagsisikap upang kilalanin ang Allah, anuman ang ating sabihin o di kaya'y ilarawan, kailanma'y hindi natin maibibigay

nang sapat ang sadyang nararapat para sa Kanya. Bilang patunay, ang Allah na Siyang may hawak ng Kapangyarihan at Kamaharlikaan ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***At sila'y hindi nagbigay ng pagpapahalaga sa Allah katulad ng nararapat (na pagpapahalaga) para sa Kanya. At sa Araw ng Paghuhukom ang buong kalupaan ay dadakutin ng Kanyang Kamay. At ang mga kalangitan ay lulululunin (bibilutin) ng Kanyang Kanang Kamay. Luwalhatiin Siya, at sadyang higit Siyang Mataas sa lahat ng iniuugnay sa Kanya bilang katambal.*** **(Al-Zumar-39:67)**

Halina't ating tuklasin ang napakalawak na kaalaman hinggil sa ating Dakilang Panginoon. Iwasan nating magtalu-talo sapagka't Siya ang Lubos na Makapangyarihan katulad ng Kanyang sinabi:

***Siya ang nagpakita sa inyo ng kidlat, bilang isang takot (sa mga manlalakbay) at isang pag-asa (sa mga naghihintay ng ulan). At Siya ang nagpaparami ng mabibigat na ulap (na may dalang tubig ulan). At ang kulog ay pumupuri sa Kanyang Kadakilaan, at maging ang mga Anghel (ay pumupuri rin) nang dahil sa takot sa Kanya. Ipinadadala Niya ang kulog at kidlat at pinatatamaan Niya ang sinumang Kanyang nais. Gayunpama'y (patuloy na) nagtatalo sila tungkol sa Allah. At Siya'y Makapangyarihan sa lakas at Mahigpit sa parusa.*** **(Ar-Ra'd-13:12-13)**

Upang maiwasan natin ang di-pagkakasundo sa ating pagsisikap na makilala ang Allah, simulan nating tantuin ang Kanyang paglikha sa mga kalangitan, sa kalupaan at maging sa ating mga sarili upang mabatid natin kung sino ang Dakilang Lumikha. Tunghayan natin ang Kanyang sinabi:

***Katotohanan! Sa pagkakalikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw, katiyakan may mga Tanda para sa mga taong may pang-unawa. Yaong (lagi nang) gumugunita sa Allah (sa kanilang panalangin) nang nakatayo, nakaupo at nakahilig sa kanilang tagiliran, at nagmu-muni-muni tungkol sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan (na nagsasabi): Aming Panginoon! Hindi Mo nilikha ang lahat ng ito nang walang kadahilanan. Luwalhatiin Ka (O Allah)! Iligtas Mo kami sa Apoy ng Impiyerno.***
**(Al-Imran-3:190-191)**

Magkagayunman, ang ilan sa atin ay hindi man lamang nagsikap na makilala Siya, ni hindi nagbigay pitagan sa Kanya. Maaaring ang iba'y itinuturing na hindi mahalaga ang usaping ito, subali't sila'y nagkakamali. Kaya, gaano nga ba kadakila ang ating Panginoon! Gaano kataas ang Kanyang katayuan! Minsan, kapag ang isa sa atin ay nasa harapan ng isang hari o di kaya'y ng isang pangulo ng alinmang bansa, nagpapakita tayo ng lahat ng tanda ng paggalang at kahinahunan, at taus-pusong namimitagan sa pagharap sa kanila. Mapapansin ding ibinababa ang paningin sa paglapit nang

malumanay sa kanila, binibilang ang mga hakbang upang hindi gaanong mapalapit sa kanya. Kapag hinarap siya ng hari o ng pangulo, manghihina ang kanyang tuhod dahil sa takot at pangamba.

***Hindi mo ba nakikitang nagpapatirapa sa Allah ang anumang nasa mga kalangitan at nasa kalupaan, at (maging) ang araw, ang buwan, ang mga bituin, ang mga bundok, ang mga punong-kahoy at ang mga nilikhang gumagalaw (may buhay), at marami (rin naman) sa sangkatauhan? Subali't marami rin (sa tao) na ang parusa ay nararapat. At sinumang dulutan ng kahihiyan ng Allah, walang sinumang makapagbibigay dangal sa kanya. Katiyakan, ginagawa ng Allah ang anumang Kanyang nais.*** **(Al-Hajj-22:18)**

Sa kabilang dako, kapag ang tao ay haharap sa Allah sa kanyang pagdarasal, isinasagawa niya ito nang walang takot at pangamba, samantalang siya'y humaharap sa kanyang Dakilang Lumikha, ang Hari ng sanlibutan na nagmamay-ari ng lahat, at ang may likha ng buong sandaigdigan. Ang lahat ng hari sa mundo, ang lahat ng anghel sa kalangitan, maging ang lahat ng nilikhang hindi nakikita *(jinns),* ang sangkatauhan, mga hayop, halaman, at lahat ng nilikhang walang buhay, ay nagpapatirapa nang may pagsuko at kababaang loob sa harap ng Allah. Ang nasabing tao sa kanyang pagdarasal ay magalaw, tumitingala at gumagala ang paningin sa kanan at sa kaliwa, inaayos ang pananamit o di kaya'y inuunat ang mga buto ng mga daliri sa kamay. Kapag siya'y

humihikab, hindi man lang niya tinatakpan ang kanyang bibig upang ikubli ang kanyang paghikab gayong siya'y nasa harapan ng kanyang Dakilang Lumikha. At kung natapos na siya sa pagdarasal *(Salaah),* dali-daling umaalis na tila baga nagi-ginhawahan sa pag-alpas mula rito. Lahat ng ito ay nangyayari sapagka't hindi niya batid ang Kadakilaan ng kanyang Tagapaglikha. Sadyang marami sa mga tao ang mangmang tungkol sa Kamaharlikaan, Kadakilaan, at Kapangyarihan ng Allah! Bakit nga ba natin nakaliligtaan ang Kadakilaan ng ating Panginoon? Bakit tila wala ng halaga sa atin ang Kanyang Kaluwalhatian? Ang Allah – ang Dakilang Lumikha ay nagpahayag sa Banal na Qur'an:

***Ano ba ang nangyayari sa inyo na hindi ninyo iniuukol sa Kanya ang nararapat na Kadakilaan.*** **(Nuh-71:13)**

Ating simulan ang paglalakbay na ito tungo sa kaalaman tungkol sa Allah, sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa mga pambihirang kaganapang nagbibigay tanda sa pagkakaroon ng Diyos at upang ating kilalanin ang Kanyang Kamaharlikaan at Di-Mapapantayang Kapangyarihan.

Sino sa atin ang nakaranas mag-alaga ng tupa sa bukid o kaya'y sa likod-bahay at nakasaksi ng isang inahing tupa na nagsisilang ng kanyang supling? Makikitang buhay na buhay na iniluluwal ang biserong tupa na animo'y bulag, tatayo, urong-sulong at pasuray-suray at pilit na inihahakbang ang mga paa. Saan siya patungo? Pupunta siya sa

kanyang ina, hinahanap ng kanyang bibig ang suso ng inahing tupa at kapagdaka'y sisimulan na niyang namnamin ang gatas ng kanyang ina nang buong pananabik.

Maaaring may mga tanong na sasagi sa ating mga isipan lalung-lalo na sa mga taong nagnanais magkaroon ng malinaw at malawak na pang-unawa:

- Sino ang nagbigay ng gabay sa tupang ito sa paghahanap sa suso ng kanyang ina pagkaraan lamang ng ilang sandali matapos siyang isilang?

- Papaano niya nalaman na ang susong ito ay nauukol sa kanya, at papaano niya nalamang naririto ang gatas ng kanyang ina?

- Natutuhan ba niya ito o siya ba'y sinanay na noong siya'y nasa loob pa lamang ng sinapupunan ng kanyang ina?

Ang sagot: Ito ang Kapangyarihan ng ating Dakilang Lumikha at ang kalikasang Kanyang itinakda sa lahat ng Kanyang mga nilikha.

Isa pang pangyayari sa ating kapaligiran ay ang tungkol sa bubuyog. Sa paglabas pa lamang ng bubuyog mula sa pagiging uod, at sa sandaling lumakas na ang kanyang mga pakpak, siya'y magmamadaling lilipad kasama ng kawan ng bubuyog upang magsagawa ng saray ng pulot na sadyang kamangha-mangha ang mahusay na

pagkakaayos, pagkakahanay at magandang pagkakasunud-sunod. Ang kawan ng bubuyog ay lilipad ng daan-daang milya upang mag-ipon ng nektar mula sa libu-libong bulaklak. Sa kanilang pagbabalik, ang nektar na nasa kanilang tiyan ay magiging pulot-pukyutan na may iba't ibang kulay. Inilalagak nila ang pulot-pukyutan sa bawa't sisidlan sa kanilang pinamamahayan. Lahat ng ito ay nagkakaroon ng kaganapan sa pamamagitan ng pagpapala ng Allah, ang Lubos na Maalam, ang Matalino. Bagama't hindi tuwirang nakikinabang ang bubuyog sa pulot-pukyutan, kanilang ginugugol ang buong buhay nila sa paggawa nito sapagka't batid nila na sila'y alipin ng Allah simula pa sa pagiging uod. Samantala, ang taong nakikinabang sa masustansiyang pagkaing ito ay kadalasang walang pasasalamat sa Allah. Tunghayan natin ang nasasaad sa Banal na Qur'an:

***At ang iyong Panginoon ang nagbigay-sigla sa bubuyog, at nagsabi: 'Manirahan sa mga kabundukan at sa mga punong-kahoy at sa anumang kanilang itinatayo. At magsikain kayo mula sa lahat ng prutas at sumunod sa mga paraang ginawang magaan para sa inyo ng inyong Panginoon'. May lalabas sa kanilang mga tiyan, isang inuming may iba't ibang kulay na nakapagpapagaling sa tao. Katotohanang ito ay isang tanda sa mga taong nagmumuni-muni.*** **(An-Nahl-16:68-69)**

- Paanong ang isang bubuyog ay natutong gumawa ng saray ng pulot sa maayos at pantay-pantay na sukat?

- Sino ang tumulong dito upang ang masaganang pulot-pukyutan ay mailagay sa pambihirang sisidlan matapos tipunin mula sa mga bulaklak?

- Ganyan ang di-matatawarang Kadakilaan ng ating Lumikha na Siyang nagturo at nagsaayos ng mga bagay na iyon, ayon sa Kanyang kagustuhan para sa Kanyang mga nilikha.

**Iba pang mga kaganapan:** Makikita natin ang kagandahan ng mga bagay dito sa sanlibutan na nilikha ng ating Dakilang Lumikha sa iba't ibang anyo at kabigha-bighaning mga kulay. Masdan ang mga sari-saring uri at kulay ng mga bulaklak na nagpapahiwatig sa Kadakilaan ng Allah. Mababasa natin sa Banal na Qur'an:

***Hindi ba Siya (ang nakahihigit sa inyong mga diyus-diyusan) ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at nagpadala sa inyo ng tubig-ulan mula sa himpapawid upang patubuin Namin ang mga kahanga-hangang halamanang tigib ng ganda at galak? Wala sa inyong kakayahan ang makapagpatubo ng mga punong-kahoy nito. Mayroon pa bang diyos maliban sa Allah? Wala! Subali't may mga taong nagbibigay-katambal (sa Kanya)!*** **(An-Naml-27:60)**

Masdan ninyo ang paboreal *(peacock)* kapag ibinubuka nila ang kanilang mga pakpak at balahibo sa kanilang buntot. Makikita ang napa-kagandang sining na nagtataglay ng mga pinakamagagandang kulay na sadyang kamangha-mangha sa pagkakatugma nito. Ganito kabigha-bighani ang tanawin na iyong mapagmamasdan sa sandaling itambad nang matagal ng paboreal ang kanyang itinatagong dakilang sining. Masdan din natin ang malalaking paru-parong nakukulayan ang mga pakpak ng iba't ibang matitingkad na kulay na mahusay ang pagkakadisenyo. Dito natin makikita ang kagila-gilalas na sining na ipininta mismo ng Kamay ng ating Dakilang Lumikha. Magagawa ba ng mga sinaunang pintor at maging ng kasalukuyang mga pintor ang ganitong tanawin kahit magtulung-tulong pa sila sa isa't isa? Madalas nating nababasa sa mga pahayagan ang pagtatanghal sa mga ipinintang larawan ng mga sinaunang pintor na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar. Abot-langit ang kanilang mga papuri sa mga ito. Kay saklap isiping nakaligtaan nilang purihin ang gumihit sa mga kaakit-akit at likas na sining na nakapalibot sa kanilang kapaligiran na ginawa mismo ng ating Dakilang Lumikha!

Sa ibang pang mga kaganapan:

***At sa kalupaan ay may mga tanda sa mga (taong) may tiyak na pananampalataya. At gayundin (may mga tanda) sa inyong mga sarili. Hindi ba ninyo ito nakikita?*** **(Adh-Dhariyat-51:20-21)**

Ito ay mga tanda at patunay sa pananatili ng Allah at sa Kanyang paghahari mula sa kaliit-liitang detalye nitong napakalawak na sanlibutang kinapapalooban ng kalupaan at mga kalangitan. Ang sanlibutan ay kinabibilangan ng maraming *galaxy*, bawa't isa nito ay may sariling araw, mga planeta at mga buwan katulad ng ating ginagalawang *solar system*. Sinabi ng Allah na ang pagkakalikha nitong kalupaan at mga kalangitan ay nakahihigit kaysa sa pagkakalikha Niya sa ating mga sarili.

Tunay na ang Allah, ang Kaluwalhatian ay sa Kanya, ang nagturo at naggabay sa atin tungo sa pinakamabilis na paraan upang makilala natin kung sino Siya at malaman ang Kanyang Kadakilaan at Kakayahang lumikha. Masdan nang lubusan ang pagkakalikha sa atin! Kung tatanggapin lamang natin ang napakadetalyadong paglikha ng Allah sa pisikal nating pangangatawan, madarama natin ang magpakumbaba sa Kanyang Kapangyarihan at Kadakilaan. Ating matutunghayan sa Banal na Qur'an:

***O sangkatauhan! Ano ang nakapaglinlang sa iyo hinggil sa iyong Panginoon, ang Mapagbigay? Na lumikha sa iyo, humubog sa iyo, at nagbigay sa iyo ng kaukulang sukat. Sa anumang anyong ninais Niya, ikaw ay Kanyang binuo.*** **(Al-Infitar-82:6-8)**

Dapat nating mabatid ang mismong pagkakalikha ng ating mga sarili. Wariin natin ang kahalagahan at

ginagampanan ng bawa’t bahagi sa ating katawan na patuloy sa pagganap mula sa ating pagsilang hanggang sa araw na ito ng ating buhay. Kung ating gagawin ang ganitong pagninilay-nilay, makikita natin ang maraming himala at kamangha-manghang kaganapan. Higit na kahanga-hanga kung papaano nilikha ng Allah ang lahat ng bahagi ng ating katawan habang tayo’y bilig *(fetus)* pa lamang sa sinapupunan ng ating ina. Ating matutunghayan mula sa Banal na Qur'an ang patunay:

***…Siya ang lumikha sa inyo sa sinapupunan ng inyong ina: paulit-ulit na paglikha sa loob ng tatlong lambong ng kadiliman. Ganyan ang Allah, ang inyong Panginoon. Sa Kanya ang kaharian. Walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya. Magkagayon, bakit kayo tumalikod?*** **(Az-Zumar-39:6)**

Ang naturang tatlong lambong ng kadiliman, ayon sa pagkakatuklas ng makabagong agham ay: Una, ang tinatawag na *placenta,* na naglalaman ng punlay sa simula pa lamang, pagkatapos ay naging namuong bagay, nagkaroon ng buto hanggang sa maging ganap na sanggol. Ang pangalawang lambong ay ang sinapupunan ng ina. At ang pangatlong lambong ay ang mismong balat ng tiyan ng ina.

Paanong nabuo ang selula *(cell)* mula sa punlay? Paano ito nagpatuloy lumago sa loob ng tatlong lambong na bumabalot dito hanggang magkaroon ng buto, ulo, tainga, mata, ilong, bibig, dila, utak, puso, sikmura, baga, atay, bato, kamay at binti?

Dapat nating isaalang-alang kung papaano nabuo ang ilan sa mga nabanggit na bahagi ng ating katawan at papaano sila gumagalaw. Kung titingnan natin ang mata halimbawa, isang masalimuot na bahaging nabuo sa loob ng sinapupunan. Ang bilig *(fetus)* sa sinapupunan ng ina ay kumakain sa pamamagitan ng dugo ng kanyang ina. Ang dugong ito ay naging maliliit na *optical bundles* sa loob ng *retina* ng mata na kinabibilangan ng milyong *optical cones* na nag-uugnay sa utak upang maghatid ng kung ano ang anumang nakatambad sa mata. Nakikita ng mata ang liwanag, inilalarawan ang hugis, sukat at kulay ng anumang nakita nito. Pagkaraa'y inaanyuan ng mata ang lahat ng ito sa isang malinaw na larawan sa paraang hindi mapapantayan ng pinakamahusay na kamerang pang-telebisyon.

Kahit tipunin pa ang mga dalubhasang manggagamot sa mata sa buong mundo at pag-isahin ang nalalaman at gamitin ang mga pinakamahusay at pinakamakabagong kagamitang pangmata, hindi sila kailanman makagagawa ng isang kamerang pang-telebisyon na may kaka-yahang katulad ng mata ng tao na nilikha ng Allah. Maaaring kamangha-mangha sa sinuman na ang mata ay nilikha ng Allah sa loob ng tatlong lambong ng kadiliman na nabanggit sa itaas. Gayunpaman, nilikha ng Allah ang mata na sadyang akma sa liwanag. Kung papaano likas na lumuluwag ang *pupil* ng mata kapag natatambad sa dilim, at lumiliit ito kapag natatambad sa liwanag. Sa kaalamang

ating nabasa, wala na tayong masasabi pa maliban na ang Kaluwalhatian ay sa Allah lamang – ang Dakilang Lumikha!

Nilikha rin ng Allah ang baga at Siya rin ang nagpahintulot sa paghinga ng sanggol habang ito'y nasa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina, kahit pa sa mga sandaling yaon ay hindi niya kailangang huminga o di kaya'y magsanay huminga. Batid ng Allah – ang Dakilang Lumikha, na kailangan ng sanggol ang sistema sa paghinga sa kanyang paglabas. Sa sandaling siya'y isilang, mapaliligiran siya ng hangin. Bagama't hindi niya nagamit ang sistemang ito nang siya'y nasa sinapupunan pa lamang, kailangan siyang huminga ngayon upang hindi siya mamatay. Ilan lamang ito sa mga di-mabilang na himala ng Allah na makikita mismo sa pagkakalikha sa Kanyang mga nilalang. Idagdag pa natin dito ang pag-andar ng paningin sa sandaling makakita ng liwanag. Gayundin ang pag-andar ng kanyang pandinig sa sandaling mapalapit sa anumang tunog o ingay. Pinagkalooban ng Allah ang sanggol ng kumpletong bahagi ng katawan na kailangan niya habang siya'y nasa sinapupunan pa lamang kahit hindi niya kailangan ang mga ito sa mga panahong yaon. Batid ng Allah na kakailanganin ng bata ang mga masalimuot na bahaging ito ng katawan na may tamang pangangailangan sa kanyang sarili sa sandali ng kanyang pagsilang. Ang Allah – ang Ganap na Makapangyarihan ay nagpahayag sa Banal na Qurán:

***...Lubos Niya kayong kilala nang likhain Niya kayo mula sa alabok, at habang kayo ay bilig pa lamang sa sinapupunan ng inyong ina.*** **(An-Najm-53:32)**

Pahalagahan din natin ang puso ng tao at ang patuloy na pagtibok nito. Sadyang makapang-yarihan ang Allah! Ang tibok ng puso ng tao ay tumutulong sa paghahatid ng dugo sa buong bahagi ng katawan. Ito ay tumitibok ng 70 beses bawa't minuto nang walang patid habang nabubuhay ang isang tao. Kung ang isang tao ay umabot ng pitumpung taong gulang, nangangahulugang ang pintig ng kanyang puso ay aabot ng 2,475,440,000 sa buong buhay niya. Ito ay patuloy na tumitibok nang walang patid. Ang puso ay nagpapatakbo ng dugo sa mga daluyang ugat na may sukat na libu-libong milya ang haba. Kahit ang makabagong agham sa kasalukuyan ay hindi pa nakatutuklas ng isang tulad nito na maaaring ihambing sa nilikha ng Allah – ang Tagapagsimula (ng lahat ng bagay).

Kapag ating titingnan at isasaalang-alang kung papaano nabuo at gumagalaw ang utak ng tao, makikita natin ang isang himala at patuloy na mamamangha sa dakilang mga Tanda ng Allah na lumikha ng isang partikular na bahagi ng katawan ng tao. Ang utak ng tao ay kinabibilangan ng maraming bahagi: ang isang bahagi ng memorya ay nauukol sa pag-iisip at pagpapasiya, may bahagi rin sa pamamahala at pagsasaayos sa lahat ng pagkilos ng bahagi ng katawan. Isa ring bahagi para sa pagsasalin ng limang uri ng pandamdam na

naghahatid sa utak katulad ng tunog mula sa tainga, paningin mula sa mata, pang-amoy mula sa ilong, panlasa mula sa dila at pandama mula sa balat. Ang utak ng tao ay binubuo ng bilyun-bilyong selula na hindi kailanman namamatay. Di tulad ng ibang bahagi ng katawan na kung saan ang kanilang mga selula ay patuloy na napapalitan at nagbabago. Ang utak ay may pirmihang mga selula na hindi nasisira at hindi namamatay maliban lamang kung may sakit ang tao na maaaring sumira sa mga selulang ito. Minsan ang mga selula ng utak ay kumukupas kapag ang tao ay umabot na sa katandaan. Karaniwang nangyayari ito sa bahagi ng memorya. Kaya naman dahan-dahang humihina ang memorya ng tao hanggang sa tuluyan nang mawala. Ito ang tinatawag na sakit sa pagkalimot *(alzheimer's disease).* Ipinaliwanag ng Allah sa talatang ito ang dahilan:

***At nilikha kayo ng Allah, pagkaraa'y dudulutan kayo ng kamatayan. At sa inyo'y ibabalik ang kawalang-kaalaman nang sa gayo'y wala silang alam sa anupaman matapos magkaroon ng kaalaman. Katotohanan, ang Allah – ang Lubos na Maalam, ang Ganap na Makapangyarihan.*** **(An-Nahl-16:70)**

Gayundin, sinabi ng Allah:

***O sangkatauhan! Kung kayo ay may pag-aalinlangan sa Pagkabuhay Muli, magkagayo'y (dapat tandaang) tunay na nilikha Namin kayo mula sa alabok, pagkaraa'y mula sa Nuftah***

***(isang patak na punlay), pagkatapos mula sa namuong dugo, at naging kapirasong laman, ang iba'y nabuo at ang iba'y hindi – upang ipakita Namin sa inyo ito nang maliwanag (ang Kapangyarihan at Kakayahang gawin ang anumang nais ng Allah). At pinapangyari Namin ang sinumang Aming nais na manatili sa sinapupunan sa itinakdang panahon, at inilabas Namin kayo bilang mga sanggol, at pinagyaman upang umabot sa kahustuhang gulang. At kabilang sa inyo'y maagang namamatay, at ang iba'y umabot sa kahabag-habag na katandaan na walang nalalaman makaraang magkaroon ng kaalaman. At masdan ang tigang na lupa, subali't nang nagpadala Kami ng ulan dito'y nagkabuhay muli, at ito'y nayanig at tumubo ang lahat ng naggagandahang uri (ng pananim).*** **(Al-Hajj-22:5)**

Sinumang magkaroon ng karamdaman sa selula sa utak, mawawala lahat ang kanyang kaalaman at malilimutan niya ang nakaraan. Isa sa pinakamahusay na nagdisenyo ng *computer* sa buong mundo, na nagsagawa ng masusing pag-aaral ukol sa isang *computer memory* ay ang Pentagon Complex. Sa loob lamang ng isang sandali, ang kanilang *computer program* ay nakapagtatala ng milyong ***data*** sa matematika. Subali't napag-alaman nila na ang memorya nito ay hindi man lang nakaabot kahit sa ika-apat na antas ng memorya ng tao na may pangkaraniwang talino. Kung ang tao ay aabot sa 40 taong gulang, madali para sa kanya ang maglahad ng mga nangyari sa kanyang buhay noong

siya ay bata pa sa loob lamang ng ilang segundo. Higit pa rito ay maisasalarawan niyang mabuti ang lahat ng mga tagpo sa pangyayari kasama na rito ang mga tao at lugar na naging bahagi ng karanasang iyon kahit 30 taon na ang nakalipas.

Isang halimbawa, hayaan ninyong ilahad ko ang isang karanasang nangyari sa akin bilang patunay. Habang isinusulat ko ang aklat na ito, ako ay nasa animnapung (60) taong gulang na (Luwalhatiin ang Allah). Tandang-tanda ko pa ang lahat.

Nang araw na iyon ako ay nakasakay sa isang bisikletang kulay pula na matuling tumatakbong pababa sa isang medyo tagilid na aspaltadong daan. Sinubukan kong ibalanse ang aking sarili habang hindi ko hinahawakan ang manibela nito. Habang ang bisikleta'y patuloy na bumubulusok pababa, itinaas ko ang aking dalawang kamay. Ang pakiramdam ko’y nakalutang at lumilipad ako sa ere na parang ibon. Sa isang iglap, nawalan ako ng panimbang kasabay ng tuluy-tuloy na pagtumba ng bisikletang aking sinasakyan at ako ay tumilapon ng may ilang metro ang layo. Nagtamo ako ng maraming galos sa aking braso at binti. Hindi ko magawang tumayo sa tindi ng pagkakahagis kong iyon. Narinig ko na lamang ang paghinto ng isang sasakyan na sa hindi sinasadyang pagkakataon ay napadaan sa pook na iyon. Huminto sila at ako'y kanilang tinulungan. Halos hindi ko na sila mabanaag dulot ng pagkahilong naganap sa akin. Tuluy-tuloy ang pagbuhat nila sa akin at dinala ako sa pinakamalapit na pagamutan upang mapatawan

ng pangunahing lunas. Tandang-tanda ko pa ang pangyayaring iyon, na sa tuwinang magugunita ko'y kitang-kita at dinig na dinig ko ang tinig ng mga taong naging bahagi ng kaganapang iyon. Ang kulay pulang bisikleta, ang modelo ng kanilang sasakyan, ang anyo ng tatlong taong tumulong sa akin. Nauulinigan ko pa rin magpahangga ngayon ang mga katagang "huwag kang mag-alala, nasa mabuti kang kalagayan" (Luwalhatiin ang Allah!).

Sa kasalukuyan ba'y may isang *computer set* na nakapagtala sa memorya nito ng milyong *files* ng *video recorded information* na naganap makalipas ang may sampung taon? Sa loob ng isang segundo ba'y kayang patakbuhin ng *computer set* na ito at makapagtala ng isang sitwasyon na nakalagak dito pagkaraan ng apatnapung taon? Hindi! Sapagka't ang isang *computer set* ay hindi makagagawa nito dahil nangangailangan pa ito ng *proper symbols* at *keys* bago magtala ng pagkilos sa *memory chip* nito. Ang isang bagay din na hindi maaaring gawin ng isang *computer set* ay ang magpatakbo ng dalawang kaganapan sa iisang pagkakataon na kasing-bilis ng memorya ng utak ng tao. Hindi rin makapagbibigay ito ng tamang desisyon na kahalintulad ng pag-iisip ng tao. Ang *computer set* kailanman ay hindi makagagawa ng isang *electronic* at *mechanical device* na kayang isagawa ng isipan ng isang tao. Ang talino at galing ng tao ang siyang ginagamit upang ang mga makinang ito ay mabuo at maging kapaki-pakinabang. Ang mga makinang ito ay hindi nakadarama ng kahit anong pandamdam katulad ng ating katawan. Kung taglamig halimbawa, ang

*computer set* ay hindi nangangailangan ng anumang bagay upang magbigay-init dito. Samantala, ang utak ng tao ay kaagad na malalaman ito ayon sa pangangailangan ng katawan. Sa mga palatandaang ito, wala na tayong magagawa kundi sumuko sa Kapangyarihan at Kadakilaan ng Dakilang Lumikha. Ang Kanyang Kadakilaan ay makikita sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Kaluwalhatian sa Iyo O Allah, ang Iyong Kapangyarihan at Kadakilaan ay sadyang malayo sa mga kasinungalingan ng mga taong di-nananampalataya. Hindi natin kayang ilahad dito ang mga himala, ang lakas, ang kahalagahan, at ang kapakinabangan ng iba pang bahagi ng ating katawan. Matutunghayan natin sa Banal na Qur'an:

***At Kanyang ibinigay sa inyo ang lahat ng inyong hiniling. At kung inyong bibilangin ang mga biyaya ng Allah, hindi ninyo ito mabibilang lahat. Katotohanan, ang tao ay kadalasang di-makatuwiran at walang pasasalamat (sa Allah).***
**(Ibrahim-14:34)**

Talakayin naman natin ang iba pang bagay na nagpapatunay kung gaano kalawak ang kakayahan ng Allah na sadyang malayo sa kakayahang nagagawa ng Kanyang mga nilikha. Sa kasalukuyan, maraming bagay ang natuklasan ng tao sa pamamagitan ng makabagong agham. Ang iba'y nagawa pang pumunta sa ibang planeta sa kalawakan. Inisip nilang sila ay may sapat na kaalaman dahil sa kanilang mga nagawa. Ang iba ay nakalimot sa katotohanang ang lahat ng ito ay nasa pahintulot lamang ng Allah – ang Lubos na Maalam,

at ang Ganap na Makapangyarihan. Siya ang nagbigay ng kakayahan upang maisagawa nila ang lahat ng ito. Sa halip na magpasalamat sa Allah, iniisip nilang ang lahat ng kakayahang iginawad sa kanila'y likas na taglay nila nang may halong pagmamalaki. Ang Allah ay nagsabi rin sa Banal na Qur'an na sadyang katiting lamang ang ibinigay Niyang kaalaman sa tao.

Pag-usapan natin ang isa sa mga imbensiyon ng tao sa kasalukuyan. Ang pinakahuling kagamitang natuklasan ng tao ay nasa eroplanong pangmilitar. Ito ang *double radar* na pinatatakbo ng *computer*. Nagbibigay ito ng kakayahan sa eroplano, habang ito'y pumapailanlang, na maghatid ng *radar waves* sa isang *land-base air defence radar.* Ang huli nama'y kayang pabalikin ang *radar waves* at guguluhin ito upang iligaw ang *radar* ng mga kalaban. Kapag ang piloto ay nakakita ng papalapit na *guided missile* sa kanyang *aircraft*, kaya niyang gamitin ang kanyang *radar* upang maiwasan at pasabugin ang *missile.* Kaya rin ng *aircraft* na ito ang magbago ng iba't ibang direksyon ayon sa bilis at kakayahan na nakadisenyo rito. Kaya rin nilang magbuo ng ibang *aircraft* na may iba't ibang modelo at makabagong teknolohiya. Sa ganitong kalagayan, sila'y nag-aakalang sa pagkakatuklas ng mga makabagong kagamitang ito'y naabot na nila ang pinakamataas na kaalamang pangteknolohiya. Tingnan natin kung ano ang sabi ng Makapangyarihang Allah bilang paghamon sa tao sa kanilang paniniwalang naabot na nila ang kahusayan sa paggawa ng makabagong kagamitan at sa

kanilang pagmamalaki hinggil dito. Ibinigay ng Allah bilang halimbawa ang pinakamaliit at pinakamahina sa Kanyang mga nilikha – ang isang langaw.

Ilalahad natin ang katangian at kakayahang ibinigay ng Allah sa langaw at ihambing natin ito sa mga katangian ng mga makabagong kagamitang pangteknolohiya na ginawa ng tao katulad ng isang eroplanong pandigmaan. Sa isang banda kung ating aalamin ang sukat ng mga ito, ang eroplano ay sadyang napakalaki kung ihahambing sa napakaliit na langaw. Bago tayo magpatuloy, ating bigyang-daan ang sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

***O sangkatauhan! Ang isang halimbawa ay nailahad na, kaya makinig dito (nang mabuti): Katotohanan, yaong tinatawagan ninyo bukod sa Allah ay hindi kailanman makalilikha ng isang langaw, kahit magsama-sama pa sila hinggil dito. At kung ang langaw ay dadagit ng anumang bagay sa kanila, wala silang kakayahang mabawi ito mula sa langaw. Sadyang mahina (kapwa) ang naghahanap at ang hinahanap. Hindi nila pinahalagahan ang Allah ng tunay na pagpapahalaga sa Kanya. Katotohanan, ang Allah ay Malakas, at Ganap na Makapangyarihan.*** **(Al-Hajj-22:73-74)**

Kaluwalhatian sa ating Dakilang Lumikha, sa Kanyang kahusayan sa pagbibigay ng ganitong halimbawa bilang hamon sa mga taong mapagmataas sa pamamagitan ng ilang mga kataga na maaaring ipaliwanag sa maraming aklat.

Maaaring ang ilang mambabasa ay magtataka kung bakit ginamit ng Allah ang isang abang langaw upang hamunin ang tao, kahit marami pang higit na maliliit na insekto kaysa sa langaw. Ang mga insektong ito'y sadyang maliliit na hindi kayang makita ng mata ng tao. Magkagayunma'y nilikha sila ng Allah na may kaluluwa, katawan, ulo, mata, kamay, at mga paa upang makalakad, at ang ilan ay may pakpak upang makalipad. Ang langaw ay nagtataglay ng naiibang katangiang maaaring ikumpara sa naimbento ng tao, maliban sa kaluluwa nito. Ang kaluluwa ay nagmula sa Kautusan ng Makapangyarihang Allah na nagsabi:

***At tinatanong ka nila (O Muhammad ﷺ) tungkol sa Ruh (kaluluwa). Sabihin, ang kaluluwa ay isa sa mga bagay na ang kaalaman dito'y nasa aking Panginoon lamang. At hindi kayo (sangkatauhan) binigyan ng kaalaman maliban sa kakaunti (lamang).*** **(Al-Isra-17:85)**

Sa ating paghahambing, dapat nating isaalang-alang ang sukat ng bawa't isa. Nabanggit natin na ang eroplano ay maraming kakayahan. Isa na rito ang *radar* at ang kakayahan nitong magpaikut-ikot sa iba't ibang direksyon sa mabilis na paraan. Hindi ba kayang gawin din ito ng langaw? Sadyang marami pang kakayahan ang langaw na iginawad ng Allah na hindi pa naipakita ng isang eroplano.

Ipagpalagay nating nakaupo ka sa isang silid na gawa sa salamin *(transparent glass)* at may isang langaw sa loob nito. Kapag ang langaw ay dumapo

sa iyong damit o sa iyong kamay, bubugawin mo ito upang lumayo. Sa isang iglap, ang langaw ay dagliang lilipad palayo at maaaring dumapo sa isang bahagi ng silid. Maaaring lumipad sa kanang bahagi o sa kaliwa. At kung iyong hahabulin dahil sa iyong pagkainis, kaya nitong magpaikut-ikot at magpalipat-lipat ng lugar saan mang bahagi ng silid na iyon. Ang mga paa nito'y laging nakababa katulad ng mga gulong ng eroplano upang panatilihin ang kanyang posisyon at ang ulo nito ay nakaharap katulad ng harapang bahagi ng eroplano, kung saan matatagpuan ang kabina ng piloto. Ang likurang bahagi ng katawan ng langaw ay katulad ng buntot ng eroplanong matatagpuan sa likurang bahagi nito na may pakpak sa magkabilang gilid upang mapanatiling pantay sa paglapag. Kung isasaalang-alang natin ang silid na gawa sa salamin na napaglalagusan ng paningin, makikita mula rito ang anumang bagay na nasa labas. Sa bilis ng paglipad ng langaw, maaari itong dumapo sa alinmang bagay na nasa labas. Bagama't napakabilis ng paglipad nito, hindi siya nababangga, bagkus, dadapo siya sa salamin nang may katiyakan at hindi nagkakamali sa pagkalkula.

Maaaring ika'y magtaka. Papaano nangyayari ito? Bakit hindi man lang nababangga ang ulo ng langaw sa salamin bagama't sadyang napakabilis ng paglipad nito patungo roon? Sa kanyang pagdapo'y laging nakahanda ang kanyang mga paa katulad ng isang *space craft* kapag lumalapag sa buwan.

Ang kaibahan lamang nila, kapag ang eroplano ay lalapag, kailangan nitong bawasan ang pagbulusok at iikot upang ang ibabang bahagi nito ang maunang lumapag. Lahat ng ito ay isinasagawa maraming metro ang layo upang maging malumanay at maging ligtas sa paglapag. Bagama't ginagawa rin ng langaw ang naturang sistema sa paglapag, ito ay sa loob lamang ng 1/500 na bahagi bawa't segundo. Luwalhatiin ang Allah – ang Tagapaglikha.

Ang isa pang katanungan ay papaanong nalaman ng langaw na may nakaharang na salamin sa pagitan nito at sa mga bagay na nakikita sa labas ng silid! Ito ang malaking kaibahan ng *radar* na gawa ng tao kung ihahambing sa *radar* na gawa ng Allah para sa langaw.

Sino ang naglagay ng di-mapapantayang bilis ng *radar* sa ulo ng maliit na langaw na tuwirang binabalewala ng tao? Sino pa kundi ang Allah – ang Tagapaglikha, ang Tagapagsimula (ng lahat ng bagay) at Siyang lumikha sa tao mula sa alabok. Sadyang kay layo ng Allah sa mga di-nananampalataya sa Kanya.

Ang iba pang bagay na dapat paghambingin sa pagitan ng langaw at eroplanong pandigmaan ay ang kakayahan nitong umikot nang mabilis. Nabanggit sa itaas na ang tao ay may abilidad na makapagpalipad ng eroplano na maaaring pumaitaas, pumaibaba, kaliwa't kanan, gayundin ang kakayahang umikot nito. Ang sasakyang ito ay maaari lamang magpalit ng direksyon sa tamang anggulo upang makaiwas sa

*missile* mula sa kalaban na humahabol nang malapitan sa dagliang oras. Sa ganitong sitwasyon ang piloto ay maaaring magpalit ng direksyon. Isang halimbawa kung ang eroplano ay papuntang silangan madali para sa piloto ang bumalik papuntang kanluran. Ang pinakabagong sasakyang katulad nito ay magagawang magpalit ng direksyon sa loob ng pitong (7) segundo lamang, subali't hindi magagawang umikot sa sukat na tatlumpung antas *(30 degrees).* Samantala, ang langaw ay may kakayahang gawin ito sa loob lamang ng 1/250 bahagi ng isang segundo at maaari itong pumihit na hindi hihigit sa pitong antas *(7degrees).* Ating makikita na kapag ating binugaw ang langaw na nakadapo sa gilid ng pinggang may pagkain, ang langaw ay makalilipad ng humigit kumulang tatlong (3) metro ang layo. Kapagdaka, pipihit ito at magbabalik muli sa pagkain. Ito'y nagaganap nang napakabilis at maaaring isipin na sila'y may dalawang ulo na nakalilipad sa magkaibang direksyon sa iisang panahon. Katulad ng tren na hindi na kailangan pang umikot pa upang magbalik dahil ito ay may dalawang kabina ng nagmamaneho, isa sa unahan at isa sa kabilang dulo.
Sa naabot ng tao sa larangan ng makabagong agham at sa iginawad na kaalaman ng Allah sa kanila upang makabuo halimbawa ng isang eroplano, maaari ba nila itong ikumpara sa kakayahan ng langaw na nilikha ng Allah sa pamamagitan ng Kanyang Katalinuhan at Kapangyarihan?

Ang kasagutan ay maliwanag na “Hindi”. Pag-usapan natin ang malaking agwat ng kanilang sukat.

Ang sukat ng eroplano ay bilyong beses ang agwat ng laki kaysa sa langaw. Gayunpaman, inilagay ng Allah – ang Matalino at ang Makapangyarihan, ang lahat ng kakayahang lihim at himala sa langaw na ito. Kaya naman, hinamon ng Allah ang sangkatauhan sa pamamagitan ng isang maliit na langaw na Kanyang nilikha. Walang sinumang dalubhasa sa larangan ng makabagong agham ang may kakayahang harapin ang hamong ito kahit magsama-sama pa sila sa pagsisikap. Katohohanan, ang Allah – ang Ganap na Makapangyarihan.

Ipagpatuloy natin ang ating pagsisikap upang makilala ang Makapangyarihang Allah, ang Dakilang Lumikha, ang Tagapagsimula (ng lahat ng bagay), na hindi binibigyan ng tama at makatarungang pagpapahalaga ng sangkatauhan.

Magsimula tayo sa pinakamalalaki at pinakamaliliit na nilikha ng Allah. Simulan natin sa maliliit na bagay tungo sa pinakamalalaking bagay sa buong kalawakan. Gaano man kalaki o kadakila ang anumang nilikha ng Allah, hindi pa rin ito makahihigit sa Kanya. Sinabi ng Allah**:**

***Ang pagkakalikha sa mga kalangitan at sa kalupaan ay tunay na kahanga-hanga kaysa sa pagkakalikha sa sangkatauhan, subali't karamihan sa tao ay hindi ito nalalaman.*** **(Ghafir-40:57)**

Ayon sa sinabi ng Allah, nilikha tayo mula sa putik na pinaghalong tubig at alabok. Kapwa napapalooban

ang mga ito ng *atom*. Ang hangin ay napapalooban din ng *atom*. Kaya naman ang buong sanlibutan ay gawa sa di-mabilang na dami ng maliliit na *atom*.

Tanong: Ano ba ang *atom*?

Hanggang sa kasalukuyan ay wala pang nakakita ng *atom* sa pamamagitan ng mata lamang. Dahil sa sobrang liit nito, kahit ang pinakamalaking mikroskopyo na naimbento ng tao ay di pa rin magamit upang ito ay makita. Nagsagawa ng maraming pananaliksik ang tao hinggil sa *atom* at naipaliwanag ang kaayusan nito. Ito ay ginawa upang maipaliwanag kung ano ang *atom*. Dagdag pa rito, unang nagpasabog ng *atomic bomb* ang America sa Hiroshima, isang lugar sa Japan noong nakaraang ikalawang digmaang pandaigdig. Pagkaraan ng lahat ng ito, napag-alaman ng tao na ang *atom* ay hindi lamang pala ang pinakamaliit na nilikha ng Allah dito sa sanlibutan.

Ang *atom* ay isang malinaw na napakaliit na bagay katulad ng maliit na bolang kristal na animo'y bula ng sabon. Sa loob nito ay may mga higit na maliliit na bagay na umiikot sa ehe *(axis)* at iba't ibang landas o ligiran sa palibot ng *nucleus* na nakalagak sa gitna ng *atom*. Ang mga umiikot na bagay na ito ay mga positibong mga *electric charges* na gawa sa mga elementong kemikal. Ang tawag ng mga siyentipiko sa mga ito ay *neutrons* at *protons.* Sa palibot ng *nucleus* ay may mga iba pang negatibong *electronic bodies*. Ang tawag ng mga dalubhasa sa mga ito ay *electrons.* Ang lahat ng mga ito kapag

umiikot sa palibot ng *nucleus* ay may kanya-kanyang ligirang magkakalayo sa bawa't isa na sadyang kagila-gilalas kung isasaalang-alang ang kanilang maliliit na sukat. Sa ganitong kalagayan, ang *atom* ay maliit na larawan ng isang *solar system* na sadyang kahanga-hanga ang kaayusan na kinabibilangan ng kapwa disiplina at pagtutugma-tugma, na walang anumang nangyayaring salpukan. Karamihan sa bula ng *atom* ay walang hangin katulad ng *solar system*.

Ang *atom* at ang higit na maliit na bagay na nasa gitna nito *(nucleus)* ay natuklasan ng mga siyentipikong Amerikano at Aleman limampung (50) taon na ang nakaraan. Subali't bago pa man ito natuklasan sa larangan ng agham, binanggit na ito ni Propeta Muhammadﷺ mahigit 1,400 taon na ang nakalipas, bagama't siya ay hindi marunong bumasa at sumulat. Sa panahong iyon ay wala pang mga dalubhasa at mga kagamitan sa pagtuklas ng mga ganitong bagay. Hinggil dito, si Propeta Muhammadﷺ ay tumanggap ng kapahayagan mula sa Allah na matutunghayan sa Banal na Qur'an:

***Alinman ang iyong pinagkakaabalahan (O Muhammadﷺ), at anumang bahagi ng Qur'an ang iyong binabasa, at (O sangkatauhan) anumang inyong ginagawa (mabuti man o masama), Kami ang saksi rito habang ginagawa ninyo ito. At walang maitatago sa inyong Panginoon kahit kasinliit lamang ito ng atom sa kalupaan o sa kalangitan. Higit mang***

***maliit o malaki kaysa rito ay nasusulat sa Maliwanag na Talaan*. (Yunos-10:61)**

Kaluwalhatian sa Allah – ang ating Panginoon, na Siyang nagturo sa atin tungkol sa *atom*, gayundin ang higit na maliit kaysa rito na matatagpuan sa loob mismo nito na umiikot ayon sa tama at maayos na paraan. Kaluwalhatian sa Allah – ang tanging Tagapamahala sa malawak na sanlibutan na kung saan ang mga pinakamaliliit na bagay ay matatagpuan. Tunghayan natin sa pamamagitan ng mikroskopyo kung ano ang maaaring makita sa isang patak ng tubig na nagmula sa isang maruming lugar. Makikita natin doon ang maliliit na mga selula at ibang mga buhay na bagay na gumagalaw at nagpaparami ng milyun-milyong beses sa maikling panahon. Kung atin lamang bibigyan-pansin ang maliliit na bagay na ito na ating nakikita na umiikot sa kanya-kanyang itinalagang mga landas, at itataas natin ang ating paningin sa kalangitan na kung saan ay napalilibutan ng iba't ibang nilikha ng Allah katulad ng mga naglalakihang bituin, kalawakan at mga planeta na umiinog sa isang mahimala at di-mapapantayang kaayusan. Magkakaroon tayo ng lubos na pang-unawa sa Kanyang Kapangyarihan na Siyang lumikha at namamahala ng lahat ng bagay tulad nito.

Ayon sa ating sariling kaalaman, ang daigdig ay bilog na pinaninirahan ng bilyun-bilyong tao, mga nilikhang di-nakikita, mga hayop, mga halaman, mga isda, at mga ibon. Ang mundo na nasa ating paningin ay tila walang hangganan, ito ay

napapalooban ng iba't ibang nilikha ng Allah, katulad ng mga bundok, mga karagatan, mga disyerto, mga kapatagan, mga hardin at mga ilog. Magkagayunman, kung ating ihahambing ito sa pitong kalangitan, ito ay katulad lamang ng isang patak ng tubig sa isang malawak na karagatan. Upang mapagtanto natin kung gaano ang agwat ng laki ng mundo kung ikukumpara sa kalawakan, dapat nating isaalang-alang ang mga sumusunod na halimbawa. Ipagpalagay natin na ang kalawakan ay isang *sport stadium* at ang mundong ating ginagalawan ay katulad ng isang *atom* na lumulutang-lutang sa loob nito.

O sangkatauhan, masdan ang bahagi ng mundong inyong ginagalawan kumpara sa mga kaharian ng kalupaan at mga kalangitan. Naisip mo bang ito ang tahanan para sa iyong kaligayahan katulad ng mga palasyo, mga hardin at milyun-milyong salapi? Tunghayan natin ang isang Hadith (winika ng Propeta): ***Kung ang makamundong búhay ay kasing sukat lamang ng pakpak ng lamok sa paningin ng Allah, hindi Niya pahihintulutan ang di-mananampalataya na makainom ng kahit kaunting tubig mula rito.***

Sa katunayan, ang mundo *(Earth)* ay isa sa mga planetang nilikha ng Allah na nakalutang sa kalawakan. Ito ay umiikot sa araw na may tiyak na daanan katulad ng iba pang walong mga planeta. Ang lahat ng siyam na planetang ito ang tinatawag na *solar system*. Ang sukat ng araw ay mahigit na milyong beses ang laki kaysa sa mundo. Ang

pagitan o layo ng araw sa mundo ay umabot sa 149 milyong kilometro.  Ang higit na kataka-taka sa *solar system* ay isa lamang ito sa libu-libo o milyun-milyong mga *solar system* na nilikha ng Allah.  Ang lahat ng ito ay nakapaloob sa tinatawag na *galaxy*. Subali't ang kamangha-manghang bagay na ito ay hindi rito natatapos. Ang ating *galaxy* ay hindi isang natatanging uri sa sanlibutan.  Mayroon pang milyong mga *galaxy* katulad ng sa atin, at ang bawa't isa rito ay napapalooban ng milyun-milyong mga *solar systems*. Magkagayunman, wala tayong sapat na kaalaman sa mga *galaxy* na ito gayundin ang naninirahan dito dahil sadyang napakalayo ng bawa't isa na hindi kayang abutin ng kaalaman ng tao. Ito ay lampas na sa mga konseptong pangsukat na ginagamit ng tao sa kasalukuyan.  Sa paghahangad ng mga siyentipiko na sukatin ang layo ng mga ito sa isa't isa, kanilang napagkasunduang gamitin ang isang sistema ng pangsukat na tinawag nilang *light-year.*

Subali't ano bang ibig ipakahulugan ng katagang *light-year*?  Batid natin ang taon ng *Hijri* (taon ng paglikas mula sa Makkah papuntang Madinah), ang tinawag na *lunar calendar.*  Batid din natin ang mga taon pagkaraan ni Kristo, ito ang tinawag na *solar calendar.*  Subali't ano nga ba ang *light-year*?

Ang mga dalubhasa ay nagnais na malaman ang bilang ng kilometro sa pagitan ng malayong kinalalagyan ng mga *galaxy*, bituin, at planeta. Subali't napag-alaman nilang mahirap basahin o isulat ang mga numerong naitala dahil sa

napakarami nito. Upang ipaalam sa atin ang pagitan ng ating *solar system* sa iba pang tulad nito sa loob ng ating *galaxy* na tinatawag nilang *milky way,* sinimulan nilang sukatin ito sa pamamagitan ng bilis ng sinag ng araw (*sunray)* na aabot sa itinalagang lugar. Napag-alamang ang sinag na ito ay umabot sa 300,000 kilometro bawa't segundo. Mula sa segundo, nakalkula nila kung ilan ang katumbas na minuto, oras, araw, buwan at ang panghuli ay taon. Ito ngayon ang tinawag nilang *light-year*. Ang saklaw na layo ng sinag sa paraang ito ng pagsukat ay umabot sa 9,331 bilyong kilometro. Sa mga nabanggit na impormasyon sa itaas, sadyang mahirap abutin ng ating kaisipin gaano man tayo katalino. Ano pa nga kaya kung susukatin natin ang pagitan ng iba't ibang *galaxy*? Marahil aabot ito sa libu-libo o kaya'y milyun-milyong bilang ng *light-year*s.

Sa katunayan, ang lahat ng ito ay hindi naging mahirap para sa ating Tagapaglikha. Siya ang nagsimula ng lahat ng bagay gaano man ang agwat ng mga ito sa isa't isa. Ang Allah – ang Lubos na Maalam ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***Aming ginawa ang kalangitan nang may lakas. Katotohanan, Kami ay may kakayahang palawigin ang kalawakang ito*. (Adh-Dhariyat-51:47)**

Gaano man kalawak ang lahat ng ito at gaano man kalayo ang agwat ng mga ito, tanging ang Allah lamang ang nakababatid. Ang lahat ng ito'y nasa

Kamay ng Makapangyarihang Allah sa Araw ng Paghuhukom.

***At sila'y hindi nagbigay ng pagpapahalaga sa Allah katulad ng nararapat (na pagpa-pahalaga) para sa Kanya. At sa Araw ng Paghuhukom ang buong kalupaan ay dadakutin ng Kanyang Kamay. At ang mga kalangitan ay lululunin (bibilutin) ng Kanyang kanang Kamay. Luwalhatiin Siya, at sadyang higit Siyang Mataas sa lahat ng iniuugnay sa Kanya bilang katambal.*** **(Al-Zumar-39:67)**

Sinabi pa ng Allah:

***At (tandaan) ang Araw na Aming bibilutin ang kalangitan katulad ng pagbalumbon sa isang isinulat na talaan. Kung papaano Namin sinimulan ang unang paglikha, Amin itong uulitin…*** **(An-Anbiya-21:104).**

Ito ay nangangahulugan na sa Araw ng Paghuhukom ang buong kalawakan ay magiging katulad na lamang ng isang ibinalumbon na papel sa Kamay ng Allah – ang Mapagpala**.** Iyon ang araw na si Anghel Gabriel at ang lahat ng mga anghel ay titindig nang nakahanay, hindi sila magsasalita maliban sa sinumang pahintulutan ng Allah sa kanila. Sasabihin lamang nila kung ano ang tama at matuwid. Gayundin, ang lahat ng mukha ay magpapakumbaba sa harap ng Allah – ang Laging Buhay, ang Tagapanustos, ang Tagapamahala ng lahat ng nilikha. Sa Araw na iyon ang lahat ng tinig ay

magpapakaaba sa harap ng Allah. Ganito ang magiging katanungan: Kanino ang Kaharian sa Araw na ito? Ang kasagutan ay magmumula sa lahat ng dako: ‘Ito ay sa Allah – ang Nag-iisa, ang Walang Katulad’.

Ngayon ay ating talakayin ang isang paksang nagbibigay ng palaisipan sa tao – ang napakalawak na *vacuum* (kawalan ng hangin) na pumapaligid sa sandaigdigan kasama na rito ang mundo, kalawakan at anumang nasa kanilang pagitan. Sa walang hanggang *vacuum* na ito, lumulutang at umiikot nang napakabilis ang bilyun-bilyong mga *galaxy*, mga bituin, at mga planeta. Sa kanilang paggalaw, ang mga planeta at iba pang mga lumulutang na mga bagay ay inihambing sa pira-pirasong bagay na lumilipad galing sa isang sumambulat na bato. Kung ang kalawakang nakapaligid sa batong ito ay walang hanggan, ang mga pira-pirasong bagay na nagmula rito ay mananatiling lulutang-lutang sa landas na iyon magpakailanman. Subali't mayroon pa ring maaaring magtanong: “Saan?”, “Hanggang kailan?” at “Kailan at saan tutungo ang pira-pirasong bagay at ang mga *atom*”. “Kailan hihinto sa pagkalat at paglawak ang mga ito?”

Ganito ang nangyayari simula nang likhain ng Allah ang kalupaan at mga kalangitan. Nang mga sandaling iyon, ang mga bituin, mga *galaxy*, at mga planeta ay isang buong kumpol lamang. Pinangyari lamang ng Allah na sumabog ang isang buong kumpol na ito. Nagbunga ito ng pagkalat ng bilyun-bilyong mga planeta at bituin sa kalawakan.

Pagkaraan nito'y nagkatipon ang ilan sa kanila at nagbuo ng mga *galaxy* na may kanya-kanyang araw, mga planeta at mga bituin. Magpapatuloy ang mga ito sa pagdami sa kalawakan nang napakabilis tungo sa hangganang itinakda ng Allah – ang Nakababatid ng Lahat, ang Makapangyarihan. Napag-alaman ng mga *astronauts* na kung magtatapon ng isang bagay *(solid body)* sa kalawakan na kung saan walang nagtatala ng bigat o timbang at wala ring hangin, ang mga bagay na ito ay mananatiling palutang-lutang lamang at papalayo sa pinanggalingang puwersa nang nagtapon nito sa kalawakan. Hindi ito katulad sa ating mundo na napapalooban ng hangin, gas, at iba pang sangkap na pumipigil sa patuloy na pagkilos ng anumang bagay. Ang patunay sa mga kaganapang ito ay ipinahayag ng Allah kay Propeta Muhammad ﷺ, mahigit sa 1,400 taon na ang nakalipas. Ang Allah – ang Ganap na Makapangyarihan ay nagsabi:

***Hindi ba batid ng mga di-nananampalataya na ang mga kalangitan at ang kalupaan ay magkarugtong sa iisang piraso, at Aming pinaghiwalay? At ginawa Namin ang lahat ng may buhay mula sa tubig. Hindi pa ba sila maniniwala?*** **(An-Anbiya-21:30)**

Atin ding mababasa sa Banal na Qurán:

***Aming ginawa ang kalangitan nang may lakas. Katotohanan, Kami ang may kakayahang palawigin ang kalawakang ito. At Aming***

***inilatag nang malawak ang daigdig, at kay husay ng paglatag Namin!*** **(Adh-Dhariyat-51:47-48)**

Sa mga paksang naipaliwanag sa itaas, nananatili pa rin ang isang napakalaki at napakahalagang katanungan na nagbibigay palaisipan sa tao. Gaano man katalino ang tao o gaano man kataas ang kanyang pinag-aralan, kailanman, hindi niya kayang unawain ang Pambihirang Kaalaman ng Ating Tagapaglikha. Ako, bilang may akda ng aklat na ito ay nakatitiyak na gaano man katalino ang isang tao, sasabog ang kanyang utak bago niya malutas ang mga katanungan hinggil dito. Katulad ng nabanggit sa simula ng aklat na ito, huwag nating pagtalunan ang tungkol sa Allah, sapagka't Siya – ang Makapangyarihan:

***…Gayunpaman sila'y nagtatalo tungkol sa Allah. At Siya ang Makapangyarihan sa Lakas at Mahigpit sa Parusa.*** **(Ar-Ra'd-13:13)**

Kaya naman, sapat lamang sa atin ang magtanong subali't huwag tayong maghanap ng kasagutan sapagka't sadyang imposible sa atin na sagutin ang mga ito. Tayo ay nagtatanong lamang bilang pag-amin sa ating mga sarili na hindi natin kayang abutin ang Kadakilaan at Katalinuhan ng Allah – ang Lumikha, na kung Kanino'y hindi tayo nagbibigay ng karampatang pagpapahalaga. Bago pa tayo maghain ng iba pang mga katanungan, magbibigay tayo ng batayan upang ihanda ang mga mambabasa na maunawaan ang kahalagahan nito.

Sa mga nabanggit sa itaas, ang pinakamaliit na nilikha ng Makapangyarihang Allah ay ang *atom*, at sumunod dito ay *nucleus* at *electrons* na makikitang umiikot sa loob nito. Pagkaraa'y tinalakay din natin ang tungkol sa mundo kung saan tayo naninirahan at ipinalalagay natin itong napakalawak na nagtataglay ng mga karagatan, mga bundok, mga kapatagan, mga disyerto, mga gusali, mga kagubatan, at mga ilog. Pagkaraa'y napag-alaman natin na ang mundo, kasama na ang nilalaman nito, ay kasing-sukat lamang ng isang *atom* kung ihahambing sa sukat ng kalawakang nagtataglay ng mga planeta, mga bituin at mga *galaxy* na magkahiwalay sa isa't isa nang napakalayo. Magbibigay tayo ngayon ng isang teoryang tila baga imposibleng mangyari. Magkagayunma'y sikapin nating suriin ang napakalaking katanungang ating kinakaharap. Isipin lang natin na tayo ay naglalakbay lulan ng isang *rocket* (sasakyang pumapailanlang paitaas) na pinatatakbo ng *nuclear* at maaari tayong itagos sa pitong kalangitan, at daanan ang lahat ng nakapaloob dito katulad ng mga *galaxy*, mga bituin, at mga planeta, at ating matuklasan ang huling hangganan ng kalawakan ng sanlibutan. Ang kalawakan ay kalawakan. Kapag ito ay may katapusan, maliwanag lamang na ang hangganang yaon ay may naiibang elemento na maaaring naiiba ang anyo. Atin ding ipagpalagay na ang *rocket* na ito ay naglalakbay ng bilyun-bilyong *light-years* sa kalawakan. Kung gayon, tayo ay patuloy na maglalakbay nang walang katiyakang hangganan, at maaaring ito ang maging dahilan upang ito'y huwag nang ipagpatuloy. Ipagpalagay natin na naabot

natin ang ating minimithi, at nalaman natin na ang buong kalawakan ay napalilibutan ng dingding na bakal. Sa sandaling matuklasan natin ang hangganang ito, kaagad nating tatanunging muli ang ating mga sarili: "Ano kaya ang nasa likod nitong dingding na bakal?"

- Ito ba'y isa na namang kalawakang walang hangin? O ito kaya'y puno ng tubig na ang sukat nito'y bilyong *light-years*? Ano naman kaya ang naroroon pagkatapos ng hangganan ng tubig? Ito kaya ay panibagong kalawakan na napalilibutan ng dingding na bakal? Malaya tayong magtanong nang paulit-ulit subali't wala tayong katiyakan sa anumang maaaring kasagutan. Hindi natin kailanman mabibigyan ng kasagutan kung ano ang hangganan ng sanlibutan. Ang mga katanungan ay magpapatuloy sapagka't ang dulo ng anumang bagay ay nararapat na may kasunod kahit ano pa ang kabuuan nito: kalawakan, tubig, hangin, o bakal. Ang alituntuning ito ay napatunayan din sa batas ng Agham.

- May makapagsasabi ba sa lahat ng mga nilikha na ang sanlibutan at ang buong kaharian ng Makapangyarihang Allah ay walang katapusan o hangganan?

Sa kabila ng lahat ng ito, sa utos ng Allah, sinamahan ni Anghel Gabriel si Propeta Muhammadﷺ sa paglalakbay gamit ang isang kabayong lumilipad *(Buraq)* at binagtas nila ang

buong kalawakan. Sa pamamagitan ni Anghel Gabriel, ang Propetaﷺ ay umakyat sa pitong kalangitan at sa pinakamataas na Paraiso, at pagkaraa'y muli siyang bumalik sa daigdig. Ang tagal ng kabuuang paglalakbay (ang tinatawag na *Israá* at *Miraj*) ay umabot lamang ng isang buong magdamag. Kaluwalhatian sa Allah! Ang Panginoon ng Mataas na Trono.

Minsa'y nababasa natin ang mga di-nananam-palataya *(atheist)* na nagnanais magpunla ng alinlangan sa puso ng mga Muslim tungkol sa Banal na Qur'an sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila: 'Kung ang lawak ng Paraiso ay kasing-lawak ng mga kalangitan at ng kalupaan katulad ng sinasabi sa Banal na Qur'an, magkagayo'y saan ang kinalalagyan ng Impiyerno?

Ang ating kasagutan: Kasawian sa inyo, O di-nananampalataya! Ang walang katapusan at malawak na sanlibutan ng Allah ay hindi lamang sapat para sa isang Paraiso na ang lawak ay sakop ang mga kalangitan at kalupaan, bagkus ito ay sapat pa rin upang lagyan ng bilyong magkakatulad na Paraiso. Ito ay sadyang malawak upang paglagakan ng maraming Impiyerno bilang inyong huling hantungan, sapagka't ang sanlibutan ay walang hangganan.

Si Propeta Muhammadﷺ ay nagsabi:

***Ako'y sumusumpa sa Allah na Siyang may hawak ng aking kaluluwa; Ang pitong***

***kalangitan at ang pitong kalupaan kung ihahambing sa Kursi (patungan ng paa ng Allah) ay katumbas lamang ng isang singsing na inihagis sa disyerto, at ang sukat ng Kursi kung ihahambing sa Arsh (Trono ng Allah) ay kasing-sukat ng singsing kung ihahambing sa disyerto.***

Ang Hadith na ito (winika ng Propeta) ay nagbibigay-linaw kung gaano kalaki ang Kursi (patungan ng paa ng Allah) kung ikukumpara sa mga daigdig at mga kalangitan kahit pa man din sadyang napakalawak ng mga sukat nito, sila'y katumbas lamang ng isang maliit na singsing sa disyerto. Gayundin, ang sukat ng Kursi kung ihahambing sa sukat ng Kanyang Arsh (Trono). Ating mababasa sa Banal na Qur'an:

***…Ang Kanyang Kursi (patungan ng paa) ay abot ang mga kalangitan at ang kalupaan, at hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pagpapanatili sa kanila. Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila.*** **(Al Baqarah-2:255)**

Dumako naman tayo sa ibang aspeto ng Kapangyarihan at Kadakilaan ng Allah – ang ating Panginoon at Tagapaglikha. Walang maihahalintulad sa Kanya. Siya ang Nakaririnig ng Lahat, ang Nakakikita ng Lahat. Bilang patunay ating tunghayan sa Banal na Qurán:

***Siya ang Allah, maliban sa Kanya'y walang tunay na Diyos na dapat sambahin. Ang Hari,***

***ang Banal, ang Nag-iisang Malaya sa anumang pagkukulang, ang Nagbibigay ng Kapanatagan, ang Tagamasid sa lahat ng Kanyang nilikha, ang Makapangyarihan, ang Di-Mapaglalabanan, ang Kataas-taasan. Luwalhati sa Allah! Higit Siyang mataas sa lahat ng iniuugnay at itinatambal sa Kanya.*** **(Al-Hashr- 59:23)**

Ang paghahari ay may malawak na kahulugan. Ito ay hindi lamang pagsawata bagkus sakop nito ang kaalaman at pangingibabaw sa lahat ng bagay. Gayundin ang pamamahala, ang pagpapanatili, ang pagbibigay-sigla, ang pagbabalangkas at panga-ngalaga sa anumang bagay.

Ang Allah ay lumikha ng di-mabilang na bagay dito sa sanlibutan, katulad ng mga *atom*, anghel, mga nilikhang di-nakikita, sangkatauhan, hayop, ibon, isda, insekto, ahas, punong-kahoy, halaman, daigdig, bundok, karagatan, ilog, ulap, hangin, ulan, butil ng buhangin, alabok, planeta, bituin at *galaxy*. Bilyun-bilyon ang nilikha ng Allah sa bawa't isa sa mga ito. Gayundin, pinamamahalaan ng Allah ang lahat ng mga ito. Pinamamahalaan Niya ang bawa't *atom* na lumulutang-lutang sa Kanyang Kaharian. Talos din ng Allah ang bawa't kilos ng bawa't kaluluwang Kanyang nilikha. Luwalhatiin ang Allah! Sakop ng Kanyang Kaalaman ang lahat ng Kanyang nilalang. Kanyang nakikita, naririnig, at dinidinig ang panalangin ng mga may pighati. Sabay-sabay Niyang naririnig ang bilyun-bilyong panalanging iniuukol sa Kanya, na maaari Niyang dinggin o di-tanggapin. Ating mababasa sa Banal na Qurán:

***Hindi ba Niya nalalaman ang sinumang Kanyang nilikha? At Siya ang Mabait at Mapitagan (sa Kanyang mga alipin), at may Kamalayan (sa lahat ng bagay).*** **(Al-Mulk-67:14)**

***At nasa Kanya ang mga susi ng Al-Ghaib (ang lahat na di-nakikita), walang nakababatid sa mga ito maliban sa Kanya. At batid Niya ang anumang nasa lupa at nasa dagat. Walang dahong malalaglag na hindi Niya batid. Walang isa mang butil sa kadiliman ng kalupaan at gayundin walang anumang bagay na sariwa o tuyo na hindi nakatala sa isang Maliwanag na Talaan.*** **(Al-An'am-6:59)**

Nalalaman ng Allah ang damdamin ng bawa't isa sa Kanyang mga nilikha. Higit Siyang malapit sa atin kaysa sa ating mga sarili. Ang Allah ay nagsabi:

***At katotohanang nilikha Namin ang tao at batid Namin ang ibinubulong ng kanyang sarili sa kanya. At higit Kaming malapit sa kanya kaysa kanyang punong daluyang-ugat.*** **(Qaf-50:16)**

Nakikita at naririnig ng Allah ang panalangin ng lahat na sumasamba sa Kanya sa loob ng sagradong *Masjid* sa Makkah. Kaalinsabay nito'y nakikita at naririnig din Niya ang panalangin ng bilyun-bilyong nilikha saan mang dako ng daigdig. Siya ay nagsabi:

***At kapag ang Aking mga alipin ay nagtatanong sa iyo (O Muhammadﷺ) tungkol sa Akin, (iyong***

***sabihin): Katotohanan, Ako ay malapit (sa kanila sa Aking Kaalaman). Aking tinutugunan ang pagsusumamo ng nananawagan sa Akin (nang walang tagapamagitan). Kaya, hayaan silang tumalima sa Akin at maniwala sa Akin, upang sila'y mapatnubayan.*** **(Al-Baqarah 2:186).**

Ang Allah – ang Ganap na Makapangyarihan ay muling nagsabi:

***...At Siya ay kasama ninyo (sa Kanyang Kaalaman) saan man kayo naroon.*** **(Al-Hadid-57:4)**

Habang pinangangaralan at pinaaalalahanan ang kanyang anak, ang matalino (na si Luqman) ay nagsabi ayon sa nakasulat sa Banal na Qur'an:

***O aking anak! Kung mayroon mang (bagay na) kasing-sukat ng butil ng mustasa, kahit ito ay nasa loob ng bato, o sa mga kalangitan, o sa kalupaan, ilalabas ito ng Allah. Katiyakan, ang Allah ay Dalubhasa (sa paglalabas ng butil na yaon), (at) may Kamalayan (sa kinaroroonan nito).*** **(Luqman-31:16)**

Isang katanungan ang mabubuo sa ating isipan upang makita natin kung gaano kadakila ang Allah at kung gaano kalayo sa pagiging payak ang tungkol sa Kanya. May kakayahan ba ang isang pinakamatalino at pinakamatalas na tao na makinig, mag-isip, at sumagot nang sabay sa dalawang taong kumakausap sa kanya? Katiyakang ni isa'y walang

makagagawa nito katulad ng sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

***Hindi ginawa ng Allah sa isang tao ang dalawang puso sa kanyang katawan.*** **(Al-Ahzab-33:4)**

Ang Paghahari ng Allah at ang Kanyang Kaalaman ay sakop maging ang bawa’t butil ng buhangin sa mga disyerto, bawa’t patak ng tubig sa karagatan, bawa’t dahon ng mga punong-kahoy at bawa’t butil ng mais. Batid din ng Allah ang bilang ng *atom* na nakalutang sa kalawakan. Batid din Niya ang anumang nasa isipan ng mga *jinn* at tao; ang kanilang mga hinagap, binabalak, sabwatan, at alaala. Batid din ng ating Panginoon ang nakaraan, ang nangyayari sa kasalukuyan at lahat ng anumang magaganap sa hinaharap at ang katapusan ng mundo at ang lahat ng mangyayari.

Bilang panghuli, nais kong sabihin na ang aming paniniwala sa Kadakilaan at Kapangyarihan ng ating Lumikha ay batay sa aming pananalig sa Allah. Maraming naniniwala sa Allah at nang malasap nila ang tamis ng paniniwalang ito, namayani ang paniniwalang ito sa kanilang puso at isipan. Lalo pang naging marubdob ang kanilang pananampalataya sa pagmamasid nila sa mahimalang kapaligiran at pandaigdigang kaga-napan, bagama't hindi maabot ng kaisipan ng tao ang Katalinuhan ng Allah – ang Makapangyarihan! Ang ating mundong ginagalawan ay puno ng mga nakamamanghang bagay, at ito’y nagpapakita ng

napakahusay na antas nang katiyakan at kagalingan. Tanggapin man natin o hindi, lahat ng bagay na matatagpuan sa sandaigdigan ay patunay sa pananatili ng Allah sa Kapangyarihan, sa Kaluwalhatian at sa Paghahari. Sa ating pagmamasid sa kaayusan ng sandaigdigan, pinagmamasdan lamang natin ang Tanda ng Kadakilaan at Kapangyarihan ng Allah. Sa ating kasalukuyang panahon, ang modernong natuklasan at agham sa pangkalahatan ay nakatulong sa atin upang maragdagan ang ating pang-unawa sa ilang mga kaganapan na nakapaloob sa masalimuot na sandaigdigan. Ang pang-unawang ito ay naaayon sa Banal na Qur'an na ipinayahag sa hindi nakapag-aral na Propeta ﷺ mahigit na labing-apat na siglo na ang nakalipas:

***Aming ipakikita sa kanila ang Aming mga Tanda sa sandaigdigan, gayundin sa kanilang mga sarili, hanggang sa maging malinaw sa kanila na (ang Allah) ay katotohanan. Hindi pa ba sapat ang tungkol sa inyong Panginoon na Siyang Saksi sa lahat ng bagay?*** **(Fussilat-41:53)**

O Allah – aming Panginoon, sapat na po sa amin na Ikaw ang Saksi sa lahat ng bagay. Kaluwalhatian sa Iyo – ang Dakilang Lumikha. Sadyang kay Dakila at kay Taas Mo! Subali't marami sa Iyong mga nilikha ang bulag at hindi pinahahalagahan ang Iyong Kadakilaan. Sa kabila ng Iyong taglay na Katangian at Kapangyarihan, Lakas, Kadakilaan at Kamaharlikaan, Ikaw ay lagi pa ring Mahabagin sa amin. O aming Panginoon, nawa'y maging malapit

Ka sa amin, sa Iyong mga alipin, upang malasap namin ang kaligayahan dito sa mundo at sa kabilang buhay. Hindi Mo ninais na kami'y maparusahan sa Apoy ng Impiyerno sa Araw ng Paghuhukom. Kaya naman nagpadala Ka ng mga Sugo upang igabay kami sa tuwid na landas tungo sa walang hanggang kasaganaan at tagumpay. Subali't kadalasa'y nagiging suwail kami sa Iyo at nagpapakita kami ng kawalang-utang na loob sa mga biyayang ibinibigay Mo sa amin. Sa mga panahong yaon, nawa'y iginawad Mo po sa amin ang Iyong Kapatawaran at Kabutihang-loob tungo sa pagsisisi sa aming mga kasalanan. Ito ay sa dahilang ang Iyong pagmamahal sa amin ay tunay na marubdob at hindi Mo ninais na kami'y maparusahan. Sa tuwinang kami'y nagkakasala at pagkaraa'y nagsisi at humihingi ng Iyong kapatawaran, nasusumpungan Ka namin na lagi nang nagdudulot ng Kapatawaran at Habag. Katotohanang hindi Mo kailangan ang anumang bagay mula sa amin sapagka't Ikaw, O Allah – ang Mapagpala at ang Tagapanustos. Ikaw, O Allah ang walang humpay na nagbibigay sa aming mga pangangailangan. Bukod pa rito'y ipinaubaya Mo sa amin ang lahat ng nasa mga kalangitan at sa kalupaan bilang kaginhawahan. Ang lahat ng Iyong pagpapala, lingid man o hayag ay di mabilang. Magkagayunma'y ang tao, katulad ng Iyong paglalarawan sa kanya sa Banal na Qur'an, ay walang pasasalamat at di-makatarungan. Ang tao'y sadyang walang utang na loob sa mga di-mabilang na biyayang Iyong ibinibigay. Gayunpaman, dahil sa Iyong Habag, hinihintay Mo pa rin ang aming pagsisisi, at Iyong ipinapataw sa amin ang Iyong

kapatawaran gaano man karami ang aming mga pagkakasala. Nabanggit sa isang Hadith (winika ng Propeta ﷺ):

***Sinuman sa inyo ang magsisi at humingi ng kapatawaran sa Allah, ang Allah ay higit na maligaya kaysa sa isang taong naglalakbay sa disyerto na lulan ng isang kamelyong may dala ng kanyang pagkain at inumin. Nakawala ang kamelyo na dala pati ang kanyang pagkain at inumin. Sinikap niyang hanapin ito subali't siya'y nabigo hanggang sa nawalan na siya ng pag-asang makita pa niya ito. Siya'y pumunta sa lilim ng isang punong-kahoy upang magpahinga. Habang siya'y nakaupo, nakita niya ang kamelyo na nakatayo sa kanyang tabi. Kaya sinunggaban niya ang tali ng kamelyo at sa matinding kasiyahan, nagkamali-mali niyang sinabi ang: O Allah! Ikaw ay aking alipin at ako ay Iyong panginoon!***

Sa isa pang Hadith ni Propeta Muhammad ﷺ: Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

***Ibinibigay Ko ang inaasahan ng Aking alipin at Ako'y kasama niya saan man niya Ako maalaala. Kung maalaala niya Ako sa kanyang sarili, aalalahanin Ko rin siya sa Aking sarili. At kung maalaala niya Ako sa pagtitipon, aalalahanin Ko rin siya sa higit na mahusay na pagtitipon. At kung isang dangkal ang paglapit niya sa Akin, lalapitan Ko siya ng isang hakbang. At kung palakad siyang lalapit sa Akin, magmamadali Akong lalapit sa kanya.***

Ang lahat ng papuri ay sa Iyo lamang O Allah! Nawa'y igawad Mo sa amin ang Iyong habag at biyaya. Kaluwalhatian sa Iyo O Allah! Ipinakita Mo sa amin ang mga Tanda upang makilala Ka namin at upang matanggap namin ang Iyong pagpapala, kahit sadyang di-sapat ang aming pasasalamat sa Iyo. Kami'y naging suwail sa Iyo. Sadyang hindi kami makatarungan sa aming mga sarili sa hindi namin pagbibigay sa Iyo ng tamang paggalang. Sadyang kay tigas ng aming mga puso at hindi kami marunong magpakumbaba sa Iyong Kadakilaan at Kapangyarihan. Marahil, naging parang bato ang aming mga puso sa katigasan. Katotohanan, may mga batong pinanggagalingan ng umaagos na batis. At may mga batong nalalansag upang dumaloy ang tubig mula rito. At katotohanang may mga batong bumabagsak dahil sa takot sa Iyo – O Allah.

Bilang pangwakas, tayo'y manalangin sa Allah – ang Makapangyarihan:

O Allah, kami ay nagsusumamo sa Iyo na nawa'y pawiin Mo ang katigasan ng aming mga puso at gawin Mong lagi nang mapagpakumbaba sa Iyo. Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang – ang Mapagpala at Tagapanustos ng mga daigdig. Nawa'y ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay igawad kay Propeta Muhammadﷺ, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga tagasunod na tumatahak sa tamang landas hanggang sa Huling Araw. (Ameen)

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa mga sumusunod na tanggapan:

***ISCAG-Philippines***
***Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines***
***Congressional Road, Salitran-1***
***Dasmarinas, Cavite***
***Philippines***
***Tel: (46) 416-3371***
***Fax: (46) 506-1451***
***www.iscag.com***

***IL&IO***
***Islamic Library & Information Office***
***P.O. Main Box 52916***
***HL Commercial Building***
***Citicenter Subdivision***
***Angeles – Magalang Road***
***Pandan, Angeles City***
***Philippines C-2009***
***Tel: (45) 887-4577***
***Email: weblikislm@hotmail.com***

***This is book is edited by TT&ESS***
***Tagalog Translation & Editing Support Services***